


Pagbabakuna sa COVID-19 para sa 5 hanggang 11 taong gulang

*Mga tanong at sagot
para sa mga magulang
at tagapag-alaga*

November 2021

Public Health
Seattle & King County



Bakit dapat mabakunahan ang aking anak?

Ang mga bata ay maaaring makakuha ng COVID-19 at ikalat ito sa iba kung sila ay nahawahan, kahit na wala silang mga sintomas.

Karamihan sa mga kaso ng COVID-19 sa mga bata ay hindi malala, ngunit kung minsan, ang COVID-19 ay maaaring magdulot ng **malubhang mga impeksyon** na nangangailangan ng pagpapa-ospital. Ang mga bata ay maaari ding magkaroon ng mga **pangmatagalang epekto** mula sa virus, na kilala bilang long-COVID.


Bilang isang komunidad, mas maraming taong nabakunahan, mas magiging ligtas tayong lahat.

Ligtas at epektibo ba ang bakuna sa bata?

Oo. Natukoy ng FDA na ang bakuna ay **walang mga malubhang alalahanin** sa kaligtasan na natukoy sa mga klinikal na pag-aaral at higit sa **90% na epektibo** sa pagpigil sa sakit mula sa coronavirus sa mga bata.

Anong **uri** ng bakuna ang magagamit para sa mga bata?

Sa kasalukuyan, **tanging
ang Pfizer na bakuna**
ang awtorisado para sa
pangkagipitang
paggamit sa mga batang
edad 5 hanggang 11.



Pareho ba ang **bakuna ng mga bata** sa bakuna para sa 12 pataas?

Hindi. Ang bakuna sa Pfizer ay **espesyal na ginawa para sa mga bata**.

Ang bakuna para sa mga bata ay ginawa sa parehong paraan, ngunit ito ay mas maliit na dosis:

- **10 micrograms** para sa mga bata
- **30 micrograms** para sa mga kabataan/matanda

Ang lahat ay makakakuha ng dalawang dosis, tatlong linggo ang pagitan.



Ano ang mga **sangkap** ang nasa bakuna ng mga bata?

Ang aktibong sangkap, **mRNA**, ay pareho sa bakunang Pfizer na para sa 12+ at para sa 5 hanggang 11 taong gulang.

Ang Pfizer na bakuna para sa 5 hanggang 11 taong gulang ay naglalaman ng amino alcohol na tumutulong sa bakuna na **tumagal nang mas matagal sa temperatura ng pridyeder**. Ang bakuna para sa 12 at mas matanda ay gumagamit ng iba't ibang mga stabilizer (potassium chloride, potassium phosphate, at sodium phosphate).

Ang parehong mga bersyon ng Pfizer na bakuna ay naglalaman din ng parehong mga lipids (taba), sodium chloride (asin), at sucrose (asukal).

Ang bakuna para sa mga bata ay **libre**?

Oo. Ang bakunang COVID-19 ay **palaging libre**.

Available ang mga bakuna para sa COVID-19 nang **walang bayad** sa lahat ng nakatira sa United States, anuman ang seguro o katayuan sa imigrasyon.

Dapat ko bang asahan na ang aking anak ay magkakaroon ng **masasamang epekto**?

Maaaring makaramdam ang iyong anak ng katulad ng pakiramdam pagkatapos makakuha ng ibang bakuna sa pagkabata. Ito ay mga normal na palatandaan na ang kanilang katawan ay bumubuo ng proteksyon.

Maaaring kabilang sa masasamang epekto ang:

- **Sakit sa braso**
- **Sakit ng katawan**
- **Lagnat**

Ang mga posibleng masasamang epekto ay pansamantala at kadalasang nawawala sa loob ng 1-2 araw.



Mayroon bang koneksyon sa pagitan ng **myocarditis** at ang bakuna para sa mga bata?

Sa napakabihirang mga kaso, ang mga tao ay nagkaroon ng pamamaga ng kalamnan ng puso kasunod ng pagbabakuna ng mga bakunang mRNA. Ang pamamaga ay kilala bilang myocarditis at mabilis itong nawawala kapag ginagamot.

Sa klinikal na pagsubok sa mga bata, **walang mga kaso ng myocarditis** sa loob ng tatlong buwang pagsubaybay pagkatapos ng pagbabakuna.

Ang klinikal na pagsubok ay nagpapatuloy at ang CDC at FDA ay mayroong mga sistema upang patuloy na subaybayan at tuklasin ang mga posibleng reaksiyon o iba pang hindi pangkaraniwang masasamang epekto.

Saan ko makukuha ang bakuna para sa mga bata 5 hanggang 11?

Ang dami ng bakuna para sa mga bata ay **limitado sa simula**. Kapag mayroon ng bakuna, makukuha ito sa parehong maraming lugar kung saan matatagpuan ang mga bakuna sa COVID-19 na para sa mga may hustong gulang, at mga espesyal na klinika sa paaralan.

Para maghanap ng lugar na malapit sa iyo, gamitin ang WA State's Vaccine Locator:

<https://vaccinelocator.doh.wa.gov>

Ano ang dapat kong gawin upang **maghanda** para sa pagbisita sa pagbabakuna ng aking anak?

- **Ipasuot sa iyong anak ang maikling manggas o maluwag na manggas na madaling itupi.**



- **Maging tapat sa iyong anak:** Kailangang malaman ng iyong anak na sila ay kukuha ng iniksyon. Masakit saglit ang iniksyon o pakiramdam na gaya ng kurot.



- **Magdala ng libro o maliit na laruan** para gamitin ng iyong anak sa appointment at maikling panahon ng paghihintay pagkatapos ng pagbabakuna.



Mahirap para sa akin ang pumunta sa lugar ng bakunahan. Anong **tulong** ang meron?

- **Aksesibilidad:** Kung kailangan ng akomodasyon, i-email ang publichealthaccommodations@kingcounty.gov o tawagan ang 206-477-3977.
- **Tulong sa wika:** Kung kailangan mo ng tagasalin ng wika, tawagan ang King County COVID-19 Call Center: 206-477-3977, 8 a.m.-7 p.m. Mangyaring sabihin ang iyong piniling wika kapag naka-konekta ka na.
- **Libreng transportasyon:** Kung kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyo o sa appointment ng pagbabakuna ng iyong anak, bumisita sa bit.ly/vaxride o tawagan ang 425-943-6706 (Lunes-Biyernes, 8:30 a.m.-4 p.m. Pindutin ang 5 para sa tagasalin ng wika).

kingcounty.gov/vaccine
(Ang website sa Ingles lang)

Public Health

Seattle & King County

